



Sa Pagkakataong ito, ako naman ang magbibigay ng Lakas at Pag asa

Sa isyung ito ng Mimitaro, nakapanayam namin si Bb. Monica Hayashi (Lungsod ng Koka) Isang tagapag-turo ng wika at tagapagsalin sa ibang wika



Tatlumpu't isang taon na ang nakalilipas pagkatapos kong makapagtapos sa unibersidad, Mula Peru nagpunta kaming mag asawa sa Japan upang tuparin ang aming pangarap na makapagpatayo ng isang paaralan na paalagaang-pambata/nursery. Mga hapones

ang lolo at lola ko, ngunit sa mga panahong iyon hindi ako masyadong makapagsalita ng wikang hapon. Sa unang trabaho ko sa pabrika sa Hiroshima, napakabait ng mga katrabaho ko, matiyaga nila akong tinuruan ng wikang hapon sa mga pahingang oras ko, nag-aral din ako ng wikang hapon sa isang international exchange center na malayo sa bahay tuwing katapusan ng linggo at pagkalipas ng limang taon, naging magaling na akong magsalita ng Nihongo. Nagkaroon na ako ng maraming kaibigan at naging mas komportable na ang pamumuhay ko sa Japan, kaya napagpasiyahan kong palakihin ang aking mga anak sa ligtas na bansang ito at humanap ng ibang landas upang mapalapit sa aking mga panagarap.

Pagkatapos lumipat sa Niigata, ipinanganak ko ang aking anak. Nung pumasok ang aking anak sa kindergarten, tinanong ako ng punong-guro ng paaralan “Kung nakapagsalita ba daw ako ng Inglis at at inalok na magturo ako ng Inglis sa kanilang kindergarten.” napakasuwerte ko at nabigyan ako ng magandang pagkakataon. Ito ang nagtulak sa akin na magturo sa iba't ibang klase para sa wikang Ingles at sa mga paaralang elementarya. At sa kalaunan ang pagnanais kong magkaroon ng isang kahit maliit na lugar lang na maari akong makapagturo ng Ingles sa sarili kong pamamaraan ay lumaki na ng lumaki. Sa mga panahong iyon nagtrabaho din ako bilang isang part-timer na tagatupi ng mga diyaryo sa isang kumpanya ng mga diyaryo at nung sabihin ko sa pangulo ng kumpanya ang tungkol sa pangarap kong magkaroon ng silid-aralan, sa hindi inaasahan, tumugon siya at sinabihan niya akong “maari mong gamitin ang kabilang kuwarte”. Isa kang masipag na tao, na nakapagpapaalala sa aking sarili nung mga panahong ako ay bata pa. Tinulungan din ako ng mga ibang tao noon kung bakit narito ako ngayon. Huwag kang susuko, ipagpatuloy mo ang iyong mga pangarap, at sa susunod ipaabot mo rin sa iba ang iyong mga pangarap. Pagkatapos nun sabay naming pinangalanan ang silid-aralan na “Ang pangarap ko”at nagmabuting loob din siyang tumulong gumawa ng mga pulyetong gagamitin sa silid-aralan. Kahit na pagkatapos ko nang lumipat sa Shiga, patuloy pa rin niya akong hinihikayat

at ang silid-aralan ay lalong lumaki at nagpatuloy pa ito hanggang sa online.

5 taon na ang nakalilipas mula ng dumating ako sa Shigaraki sa Shiga, una ay binisita ko ang lokal na Asosasyong Internasyunal (Kokusai Koryu Kyoukai), dito nangolekta ako ng maraming impormasyon at nang ako ay sumali sa mga klase ng wikang hapon, mga kaganapan at saka tumulong din bilang boluntaryo, nagkaroon din ako ng maraming kakilala at lalong lumawak ang aking mga aktibidad. Ngayon nagtrabaho ako bilang Interpreter at translator sa ibat ibang organisasyon at nagtuturo din ako ng espanyol at Inglis. Pagkatapos ng trabaho at pag-uwi ko sa Shiragaki na napapaligiran ng kalikasan, lubos kong nararamdaman na ako ay nakauwi na sa aking tahanan, tinatawag ko ang aking mga kapitbahay “tara mag inuman tayo ng serbesa”. at sama-samang kaming nagsasaya.

Bago dumating ako ng Shiga, nanirahan ako sa isang lugar na kung saan kukunti lang ang mga dayuhan, kayat nakakagulat na makakita ng maraming mga dayuhang naninirahan dito na may kanya-kanyang komunidad ang bawat bansa dito, nakakagulat din ang mga peruvian na sinasalita pa rin nila ang espanyol para sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Sabi ng iba “Nakakatamad araw-araw” pero para sa isang maliit na komunidad na walang bagong nakakasalamuha kung kaya di ito maiwasan. Kahiya-hiya din na makita na karamihan sa mga tao ay iginugul ang kanilang mga oras na hindi manlang maipakita ang kanilang mga natatanging kakayahan. Ang rason kung bakit hindi madaling pumasok sa lipunang hapon ay dahil sa hadlang sa wika. Kahit ako din napagsabihan noon na “kung hindi ko pagsisisikapan na aralin ang wikang hapon/Nihongo ako ay nagsasayang lang ng oras” at sinuportahan ng maraming mga tao sa paligid ko. Ngayong nakapagsalita na ako ng wikang hapon, nagkaroon na ako ng maraming mga kaibigang hapon at nakapunta na ako sa maraming mga lugar at inienjoy lang ang buhay, Kaya ang masasabi ko doon sa mga nagsasabing hindi ko na kaya dahil ako ay matanda na o kaya hindi ito magagawa dahil ako ay isang dayuhan. “Walang kinalaman dito ang edad, huwag tayong susuko. Mag aral tayo ng Nihongo. Hinihikayat ko silang lumabas ipagsawalang bahala ang mga edad, nasyunalidad, kasarian at iba pa, at humakbang pasulong!” Umaasang sana ang bawat isa ay makapamuhay ng hindi nililimitahan ang mga kakayahan at magkaroon ng layunig mamuhay ng masaya at matiwasay.

Ang pangarap ko ngayon ay tulungan ang mga kaibigan ko na nagsusumikap para makamit ang kanilang mga pangarap, at sama-sama naming bubuun ang isang mas malaking pangarap. “Ang Aking Pangarap” ay palaki nang palaki na!

Kapag malamang na mataas ang gastusin sa pagpapagamot



Ang Sistema ng segurong-pangkalusugan ay may “Benipisyo para sa mataas na gastusing-medikal (*Kogaku Ryoyohi Seido*)” na magsasauli sa sobrang nagasta ninyo mula doon sa tiyak na halaga ng inyong gastusing-medikal kung kayo ay mag aaplay para dito mamaya.

Ano ang Benipisyo para sa mataas na gastusing-medikal (*Kogaku Ryoyohi Seido*)?

Kung ang halaga ng bayarin sa ospital o kaya sa mga iba pang klinika ay lumampas sa tiyak na halaga ng bayarin (*1) sa loob ng parehong buwan (simula sa pinakauna at huling araw ng buwan), ang humigit na halaga ng binayaran ay isasauli sa inyo mamaya kung mag-aaplay kayo para maibalik ito.

Subalit, kahit na maaring maibalik ito, ang pagbayad sa isang mataas na gastusing-medikal ay isang mabigat na suliranin. Sa tulad ng mga ganitong kaso maari kayong mag aplay ng “Aplikasyon para sa Sertipikong nararapat sa paglimita sa bayarin ng gastusing-medikal /Gendogaku Tekiyo Ninteisho”

※1 Ang pinakamataas na halaga ng bayarin ay ibabase sa sa inyong edad at natatanggap na sahod mula sa kumpanya.

URL : <https://www.kyoukaikenpo.or.jp/g3/sb3030/r150/>

→ kanang sulok sa itaas ng pahina, pindutin at piliin ang lengguwahe (*Select Language*)

(Ingles/English, Intsek (Pinasimple • Tradisyunal) ,Koreano, Espanyol, Portugal)



Ano ang “Aplikasyon para sa Sertipikong nararapat sa paglimita sa halagang-bayarin ng gastusing-medikal” (*Gendogaku Tekiyo Ninteisho*)

Kung maaga pa lang alam na ninyo na ang inyong gastusing-medikal ay mataas, sa pamamagitan ng pagpapakita ng inyong “Aplikasyon para sa Sertipikong-nararapat sa paglimita ng halagang-bayarin ng gastusing-medikal” na inyong inaplay at iniisyu ng maaga, Sa pagbayad ninyo sa inyong bayarin sa kahera, kasama ang inyong kard ng seguro, lilimitahan ang bayarin doon sa tiyak na mataas na halaga at hindi niyo na kailangan pang mag aplay mamaya para maibalik ang inyong binayaran.

◇ Daloy ng pamamaraan at paggamit

- ① Magsumite ng “Aplikasyon para sa Sertipikong-nararapat sa paglimita sa halagang-bayarin ng gastusing-medikal” ng maaga sa pamamagitan ng koreo.
- ② Iniisyu ang “Aplikasyon para sa Sertipikong-nararapat sa paglimita sa halagang-bayarin ng gastusing-medikal” (Bisa ng sertipiko: 1 taon (pinakamatagal))
- ③ Ipakita ang inisyu na ② sa itaas “Aplikasyon para sa Sertipikong-nararapat sa paglimita sa halagang-bayarin ng gastusing-medikal” at “Kard ng Seguro” kung magbabayad sa ospital.

URL : <https://www.kyoukaikenpo.or.jp/g3/sb3020/r151/>

→ Piliin ang wika (*Select Language*) sa kanang itaas para sa pagsasalin-salita



◇ Nalapat din ang mga nakapisan sa Seguro ng Pambansang-kalusugan sa benipisyo para sa mga mataas na gastusing-medikal at ang “Aplikasyon para sa Sertipikong-nararapat sa paglimita sa halagang-bayarin ng gastusing-medikal.” Mangyaring mag aplay sa inyong pinakamalapit na lokal na tanggapan ng lungsod/munusipyo.

★★★★★ Pagpapalawak ng saklaw ng Segurong-panlipunan ★★★★★

Simula Oktubre 2022, ang mga manggagawang nasa maikling-panahong-pagtrabaho lamang sa isang kumpanya na may 101 o mahigit pang mga mangagawa ay maari nang pumisan sa programang segurong-panlipunan kung sila ay saklaw sa mga sumusunod na kondisyon.

- Ang bilang ng mga ipinapasok na oras kada linggo ay aabot ng mahigit 20 oras pero mas mababa sa 30 oras.
- Ang buwanang sahod ay 88,000 yen o mahigit pa. (Ito ay tumutukoy doon sa binabatayang suweldo at sa mga iba pang natatanggap na halaga. Gayunpaman ang mga overtime, mga bonus, pansamatalang sahod, at iba pa ay hindi kasama.)
- Inaasahang may mahigit na sa dalawang buwang pagtrabaho.
- Hindi estudyante (Mga mag aaral na pansamatalang-tumigil at mga mag-aaral sa pang-gabi ay maaring pumisan.)

~ Magbisiklita sa paligid ng Lawa Biwa/Biwako ~

Biwaichi sa Taglagas



Narinig mo na ba ang tungkol sa Biwaichi? Isang paglilibot sakay ng bisiklita sa paligid ng Lawa ng Biwa/Biwako. Ang pagbibisikleta sa paligid ng Lawa ng Biwa habang pinahahalagahan ang mayamang kalikasan at kultura ng lugar ay perpektong pagkakaton upang tamasahin ang pinakahihintay na panahon ng taglagas! Ang isang paglibot sa paligid ng Lawa Biwa ay may humigit-kumulang 200 kilometro ang haba, at mayroong dalawang itinalagang kurso.

“Mabagal na kurso”: Para sa mga baguhan at nasa kalagitnaan ng lebel na mga siklista, tulad ng isang pamilya. Maari kang magbisiklita sa magkasamang daanan ng mga tao at para sa mga siklista upang masiyahan sa nakakarelaks na tamang tulin ng bisiklita.

“Mataas na lebel na kurso”: Para sa mga nasa mataas na lebel na mga siklista, karaniwang Pagbibisiklita sa mga pangunahing kalsada.

Para sa mga detalye para sa inirerekomendang mga kurso at para sa suportang impormasyon. Mangyaring bisitahin ang Homepage ng “Wa no Kuni Biwako”

<https://www.biwako1.jp/>



Istasyon para sa pag-ikot daungan ng Otsu “Cycle Station”

Nitong Abril, binuksan ang Biwaichi Cycle Center sa may daungan ng Otsu. Dito nagpaparenta, inaayos at nagkukumpuni ng mga bisiklita, nagbebenta at nagpaparenta din ng mga helmet at gloves at iba pang mga bagay na kinakailangan para sa pagbibisiklita. Nagbibigay din sila ng mga impormasyong inirerekomenda para sa mga rota sa pagbisiklita at mga impormasyong partikular lang sa mga pamamasyal gamit ang bisiklita.

Daungan ng Otsu Terminal para sa mga pasahero: 5 chome 1-7 Hamaotsu Otsu

<https://oportable.jp>



Lugar na maaring pagkunan ng tubig sa Nagisa Park

Sa mga lugar ng Uchide no Mori, Otsu Lakeside Nagisa Park/ baybayin ng lawa sa may Otsu sa Nagisa park ay ang mga lugar kung saan maari ninyong lamnang-muli ng malamig na tubig ang inyong walang laman na sisidlan ng tubig. Nakakatulong din ito upang mabawasan ang mga tira-tirang PET bottle. Mangyaring dumaan habang nagpapahinga sa inyong paglilibot sa Biwaichi.

<https://www.city.otsu.lg.jp/soshiki/080/2808/g/44087.html>



Tren para sa mga paglilibot sa Riles ng Omi

Sa riles ng Omi ay mayroong tren para sa paglilibot na pumapayag magpasakay na kasamang lulan ninyo ang inyong bisiklita. Maaring isakay ng derikta sa loob ng tren ang inyong bisiklita ng libre (pamasaha lamang ang babayaran). Hindi nag aalok sa ilang lugar ng ganitong serbisyo, mangyaring itsek ang websayt para sa mga detalye.

<https://www.ohmitetudo.co.jp/railway/fan/cycle/>



Sundin natin ang mga tuntunin at asal at tamasain ang saya ng paglilibot ♪

- Sa Prepektura ng Shiga, ang mga gumagamit ng bisiklita ay kinakailangang pumisan sa seguro ng bisiklita.
- Ang daanan ng mga nagbibisiklita ay sa kaliwang bahagi ng daan.
- Ang kulay asul na linya sa daanan ay ang mga sementong marka para sa daanan ng Biwaichi.

Impormasyon sa Mimitaro

★ Tamasahin ang Panahon ng Taglagas sa Shiga!

Tamasahin natin ang mga prutas, mga dahon ng taglagas At ang mga biyayang dulot ng taglagas na panahon ♪

☆ Michi no Eki Aguri Park Ryuo

Maranasang mag ani ng mga kamote, peras, persimon at iba pa.

656 Yamanoue, Ryuo-cho Gamo-gun

<https://www.aguri-p.com/>



☆ Makino Pic-Land

Maranasang mamitas ng mga kastanyas, paghukay ng mga kamote at pamimitas ng mga mansanas

835-1 Terakubo, Makino-cho Takashima-shi

<https://pic-land.com/>

☆ Palamuting pailaw sa mga dahon ng taglagas sa Templo ng Kyorinbo

Nobyembre 15 (Mar)~Disyembre 5(Lun)

5:30pm~7:00 pm

1145 Ishidera Azuchi-cho Omihachiman-shi

<https://kyourinbo.jimdofree.com/>

☆ Dagat alapaap at mga dahon ng Taglagas sa Onyudani

Kung maganda ang panahon, makikita ang isang kamangha-manghang tanawin ng dagat alapaap at mga dahon ng taglagas sa maagang umaga.

Onyudani Kutsuki Takashima-shi

https://takashima-kanko.jp/spot/2018/06/post_171.html

☆ Templo ng Eigenji. Mga dahon Tag-lagas

Kalagitnaan ng Nobyembre ~unang bahagi ng Disyembre
41 Takano-cho Eigenji Higashiomi

<https://eigenji-t.jp>

☆ Tiyanghian sa Moriyama (Moriyama Ichi)

Disyembre 23 (Biy)10:00am~ 3:00pm

Mga panindang gawa sa Moriyama at mga paninda para sa bagong taon at sa iba pang mga kaganapan.

1,2 chome Moriyama, Moriyama

<https://www.biwako-visitors.jp/event/detail/5381/>

★Tara hanapin natin ang “Poke Lids”!

Sa Shiga mayroon 5 poke lids na mga takip sa butas ng palingkurang-bayan na nagtatampok ng mga disenyo ng Pokemon.



「Gyarados」: Sa lungsod ng Otsu,
2 lugar sa may tabi ng lawa sa
Nagisa Park

「Greninga」: Sa lungsod ng Koka
Kafuka Yume no Mori
Minakuchi Sports Forest, Kokaryu
Real-Ninjakan

<https://local.pokemon.jp/manhole/shiga.html>



BALITA MULA SA MIMITARO



★Klase ng Nihongo para sa trabaho/JICE (Libre)

Aplikasyon: Sa Hello Work

• Konan-shi Kosei Bunka Hall

Huling araw ng aplikasyon: Oktubre 21 (Biy)

Pagsisimula: Nobyembre 2 (Miy) Pang-gabi Lebel 1

• Moriyama-shi Moriyama Ekimae Community Hall

Huling araw ng aplikasyon: Nobyembre 1 (Mar)

Pagsisimula: Nobyembre 14 (Lun) Pang-umaga Lebel 1

★Kurso sa pagpapaunlad ng kasanayan sa trabaho

Aplikasyon: Sa Hello Work

• Nilalaman: Komunikasyon sa Nihongo, Kasanayan sa Pasocon, atbp.

• Kailan: 1/4/2023 (Miy~ 4/28 (Sab) 9:30am~4:00 pm

• Saan: Career College ITOGEN

(1-7 Motoayano Minakuchi-cho, Koka)

• Maaring lumahok: 15 katao

• Panahon ng aplikasyon: 11/8 (Mar) ~11/24 (Huw)



★Gabay sa Pagpili ng Karera “Sa mga mag aaral at magulang na may dugong dayuhan 「Shinro Gaidansu」

May nakahandang konsultasyon para sa imigrasyon/visa

• Petsa: 10/30 (Lin) 1:30pm ~4:00pm

• Lugar: 「G-Net Shiga」 (Omihachiman-shi)

• Maaring lumahok: Mga kabataang may dugong dayuhan (Elementarya baitang 5 ~JHS/Junyor hayksul)

Maaring mabago, depende sa sitwasyon ng Corona!

[Info] Shiga Intercultural Association for Globalization
TEL 077-526-0931

★Sertipiko para sa mga nagpagaling ng COVID-19 sa kanilang mga tahanan

Kung nagpositibo kayo sa COVID-19 at nangangailangan ng sertipikong nagpagaling sa inyong mga tahanan, maari po ninyong gamitin ang My HER-SYS para magkaroon kayo nito.

◇Ang Homepage ng SIA ay naglalaman ng mga impormasyon na may kaugnayan sa COVID-19

<https://www.s-i-a.or.jp/tl/news/509>



Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente sa Shiga (Sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)

TEL: 077-523-5646 FAX: 077-510-0601

E-mail: mimitaro@s-i-a.or.jp

Ang sunod na isyu ng Mimitaro ay sa buwan ng Enero